# Mga Guro bilang Tagapagtaguyod: Pagtataguyod para sa at kasama ang mga Pamilyang Multilingguwal

Ang pagtataguyod para sa, at kasama ang mga pamilya ng mga mag-aaral na multilingguwal ay nangangahulugan ng pagkilala at pagbibgay halaga sa kanilang karapatan na mabigyan ng impormasyon, makilahok, at paggalang bilang kapantay na katuwang sa edukasyon ng kanilang mga anak. Mula sa mga boses at karanasan ng mga pamilya, nag-aalok ang dokumentong ito ng mga paksa at halimbawang tanong na maaaring itanong ng mga guro sa mga pamilya. Maaaring gamitin ng mga guro ang dokumentong ito sa kanilang pakikipag-ugnayan sa mga pamilya ng mga mag-aaral na multilingguwal at sa paghahanap ng mga paraan upang magkatuwang na itaguyod ang Karapatan at pangangailangan ng mga bata.

## Pagpapatatag ng Dalawang-Paraan na Komunikasyon, Daans sa Wika, at Pakikipag-ugnayan at Pakikilahok

Ang malinaw, tuluy-tuloy, pantay, at madaling maabot na komunikasyon at pakikilahok sa pagitan ng pamilya at mga guro ay mahalaga para sa tagumpay ng mga mag-aaral.

### Dalawang-Paraan na Komunikasyon at Daan sa Wika

1. Sa anong wika ninyo nais matanggap ang mga komunikasyon mula sa paaralan, at paano namin matitiyak na natatanggap ninyo ang impormasyon nang malinaw at palagian? Paano po ninyo nais makipag-ugnayan sa amin?
2. Gaano kadalas mo gustong makatanggap ng balita tungkol sa progreso ng anak mo? Anong paraan ng komunikasyon ang pinaka-epektibo para sa iyo (halimbawa: sulat, tawag, mensahe)?

### Pakikipag-ugnayan at Pakikilahok

1. Paano tayo maaaring magtulungan para suportahan ang tagumpay ng inyong anak at palakasin ang ating komunidad ng paaralan?
2. Anong paraan ng pakikilahok ang mas gusto mong gawin -- tulad ng pagbabahagi ng opinyon, pakikipag-usap sa mga guro, o pakikisalamuha sa ibang magulang?
3. May mga tanong ba kayo tungkol sa kung paano tumatakbo ang mga proseso sa paaralan?
4. Mayroon bang mga partikular na desisyon tungkol sa edukasyon at kapakanan ng inyong anak na nais ninyong maging bahagi?

## Pagsuporta sa Pag-aaral ng Mag-aaral, Paglago sa Akademiko, at Kabuuang Kalagayan

May karapatan ang bawat pamilya na maunawaan kung paano sinusuportahan ang kanilang anak sa loob ng

WIDA
UNIVERSITY OF WISCONSIN–MADISON
wida.wisc.edu
WIDA is housed within the School of Education at the University of Wisconsin-Madison.
© 2025 Board of Regents of the University of Wisconsin System, on behalf of WIDA

paaralan — sa silid-aralan man o sa labas nito.

## Suportang Akademiko at mga Oportunidad

1. Ano-ano ang inyong mga inaasahan at layunin para sa pagkatuto ng anak mo ngayong taon? Paano tayo magtutulungan upang matulungan siyang umunlad sa pag-aaral? Paano ko rin matutulungan sa paglinang ng kanyang kakayahan sa maraming wika, mga interes, at kultura?
2. May partikular bang bahagi ng pag-aaral na sa tingin mo ay kailangan ng mas dagdag na suporta o oportunidad ang anak mo? Paano natin ito mapagtutulungan?

## Kalagayan at Mga Serbisyong Suporta

1. Ano ang pakiramdam ng anak mo tungkol sa pagpasok sa paaralan? Mayroon ba akong kailangang malaman para mas matulungan ko sa pagpapalakas ng kanyang kabuuang kalagayan?
2. May mga aktibidad o serbisyo ba (tulad ng dagdag-aral, palaro, payo o iba pa) na gusto mong malaman pa?
3. Mayroon pa ba kayong mga katanungan o anumang nais ibahagi?

May iba ka pa bang gustong itanong sa mga pamilya? Gamitin ang espasyo sa ibaba upang isulat ang mga karagdagang tanong na maisipan.


© 2025 Board of Regents of the University of Wisconsin System, on behalf of WIDA